# *At Nangabuksan Ang Kanilang Mga Mata At Siya'y Nakilala Nila*

Sa Ebanghelyo ni San Lucas, at simula po sa ika-24 na kabanata at sa ika-tatlumpu-. . .sa ika-31 talata, o sa ika-30 talata ng ika-24 na kabanata.

> *At nangyari, nang siya'y nakaupo na kasalo nila sa dulang ng pagkain,* at *kaniyang dinampot ang tinapay, at binasbasan, at ito'y pinagputolputol, at ibinigay sa kanila.*
>
> *At nangabuksan ang kanilang mga mata, at siya'y nakilala nila; at siya'y nawala sa kanilang mga paningin.*
>
> *At sila-sila'y nangagsabihan, Hindi baga nagaalab ang ating* mga puso *sa loob natin, habang tayo'y kinakausap niya, sa daan, samantalang binubuksan niya sa atin ang mga kasulatan?*

2 At nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kanyang pagpapala. Ang teksto ko po, kung pamamagatan ko ito ngayong gabi: *At Nangabuksan Ang Kanilang Mga Mata At Siya'y Nakilala Nila*. Ngayon mainit po, pero umaasa ako na makapagtitiis kayo sa abot ng makakaya n'yo, nang kaunting sandali, at sisikapin ko pong madaliin ito. Pero ngayon nais nating tumuon nang may pagpipitagan sa Salita, sa kahanga-hangang Salita ng Diyos. At nananalangin tayo na ang Diyos, sa kung anong paraan, ay buksan ang ating mga mata sa gabing ito.

3 Kung ang Pasko ng Pagkabuhay ay isang pagdiriwang lang ng isang pangyayari sa kasaysayan, at ganoon lang 'yun, kung ganoon may mairarason tayo para magduda, may mairarason tayo para kumuwestiyon, dahil para bang naglulumagak lang tayo sa taimtim na pananalig na sige't paniwalaan n'yo lang. At kung si Cristo nga'y di nag-iwan ng pangako gaya ng ginawa Niya, kung ganoon tayo ngayon, ay wala sana nitong patunay na kamit-kamit natin.

4 Pero ang pinagpala nating Panginoon ay nagsabi, habang narito pa Siya noon sa lupa, "Kaunti pang panahon, at hindi na Ako makikita ng sanlibutan." Ngayon 'yung salitang *sanlibutan* dun, ay galing sa "kalakaran ng sanlibutan, mga tao ng mundo." "Di na Ako makikita ng sanlibutan. Ngunit inyong makikita Ako, dahil Ako'y kasama ninyo, sasa inyo, hanggang

sa katapusan ng sanlibutan." Ngayon, ang mga Salitang 'yan ay sadya pong tunay sa kung gaanong katunay ang iba pang mga Salita na ipinangusap natin sa buong sanlinggo, mula sa Biblia, sadyang tunay sa kung gaanong katunay ang iba pang mga Salita sa Biblia. "Kaunti pang panahon, at hindi na Ako makikita ng sanlibutan. Ang mga mata nila'y di mabubuksan." May mga taong ipinanganak sa mundo, na wala sa kalooban ng Diyos, bagkus ay sa pamamagitan ng sarili nilang pagpili na di Siya paniwalaan kahit na Siya'y tumindig pa rito mismo at mangusap sa inyo ngayong gabi. Nakakalungkot sabihin, pero Biblia mismo ang nagsabi n'yan, "Ipinanganak sila sa mundong ito, para sa kahatulan," sa Jude, at sa bandang ika-3 talata.

5 Ngayon, pero sa inyo, ngayong gabi, na sumadya rito at nakatayo sa palibot ng silid, at nagsisiksikang kumpol-kumpol sa loob ng mainit na munting gusaling gaya nito, haya't di nga kayo nagpunta rito para makita lang. Pumarito kayo para sa mahalagang layunin. At, sa aking palagay, pumarito kayo na may sinseridad sa inyong puso, para sa paglakad nang malapit kasama ang Diyos, para sa pag-uwi n'yo mula rito, ngayong gabi, ay mas mainam na kayong tao kaysa sa kung ano kayo sa pagpasok n'yo kanina rito. Yun ang panalangin ko sa pagpasok ko sa pintuan, ngayong gabi, "Panginoon, ibunsod Mo po ako na maging mas mainam na tao sa paglabas ko, ngayong gabi, kaysa sa nung pagpasok ko kanina." Ngayon nung Siya . . .

6 Bago ang Kanyang paglisan, iniwan Niya ang ganitong mga pahayag. Sabi Niya, "Ang sumasampalataya sa Akin . . . " San Juan, ika-14 na kabanata, ika-7 talata. "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na ginagawa Ko ay gagawin din naman niya; higit pa rito ang gagawin niya, sapagkat Ako'y paroroon na sa Aking Ama. Paroroon na Ako, at babalik muli."

7 Ngayon sige't tingnan natin ang mga gawa na Kanya ngang ginawa. Ano ang mga gawa na ginawa Niya? Hindi Siya nag-angkin na isang dakilang tao, Siya'y isang nagpakababang Tao. Hindi Siya gumagamit ng matataas na salita, nagsalita lamang Siya bilang isang ordinaryong Tao. Namuhay Siya na ang mga kasama'y mahihirap, "may mga lungga ang mga asong-soro, at ang mga ibon ay may pugad, pero wala Siyang mapaghiligan ng Kanyang ulo." Isa lang ang Kanyang damit, na ibinigay pa nga sa Kanya, "hinabing buo mula sa itaas, na walang tahing-dugtungan."

8 Kaya nga pinagpustahan nila 'yun. Bakit ganun? Dahil ang propesiya sa Lumang Tipan ay dapat na matupad, "Pinaghatian nila ang Aking kasuotan, kanilang pinagsapalaran ang Aking damit." Haya't di nila 'yun mahapak-hapak batay sa tahing-dugtungan, kaya pinagpustahan nila 'yun, at 'yun nga'y para tuparin ang propesiya sa Lumang Tipan.

9 Pero matutunghayan natin, pagkatapos ng ilang sandali, kung ano nga ba ang ginawa Niya? At naniniwala ako, ngayong gabi, na may pagkagutom sa bawat isa sa ating mga puso, mula sa pinakabata hanggang sa pinakamatanda, ngayong gabi, na makita si Jesus Cristo. Yun ang hangad ng aking puso. At bakit ganoon? Kung ipinapahayag natin sa pamamagitan ng mga Kasulatan . . .

10 Haya't rinig na rinig 'yun sa mga radyo sa araw na ito, nakasalang ang mga programa sa telebisyon, mga dula na ang sabi, dun, "Wala Siya rito, bagkus Siya'y nagbangon!"

11 Buweno, kung ganoon, kung Siya'y nagbangon, ang sabi ng Biblia, sa Mga Hebreo 13:8, "Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Ngayon, heto nga, mga kaibigan. Yun po'y alinman sa Katotohanan 'yun, o di 'yun Katotohanan. Na, kung 'yun ay di Katotohanan, ang Biblia nga'y huwad, at kaya naman ang mga Salita'y huwad; at tayo'y mapapahamak, at walang pagkabuhay na mag-uli para sa mga patay, at haya't pakunwari lang pala ang ating pananampalataya. Pero kung ito nga'y Katotohanan, kung ganoon ay patutunayan Nito ang Sarili Nito.

12 Halimbawa sasabihin mo na ang tubig na ito'y basa, sige't sabihin na lang natin na di pa ako nakakakita kailanman ng tubig, ibubuhos mo 'yun sa akin, at pagkatapos di 'yun basa, kung ganoon ang iyong—iyong mga salita'y di totoo, pero kung ibubuhos mo 'yun sa akin, at basa 'yun, kung ganoon ang mga salita mo ay totoo.

13 Kung si Cristo'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man, kung ganoon ang Biblia'y totoo. Kung di Siya siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man, kung ganoon hindi Yun totoo. Kung ang mga Salita ng Diyos ay di totoo, kung ganoon si Cristo'y hindi totoo. Kaya naman, kung ang mga Salita ng Diyos ay di totoo, hindi totoo ang Diyos. Pero, hayan nga, kung ang Salita ng Diyos ay totoo, kung ganoon ang Biblia ay totoo, ang Diyos ay totoo, si Cristo, ay totoo, at marapat lamang na tayo'y totoo't tapat sa Layon na ito. Tama!

14 Ngayon, nung Siya'y narito noon sa lupa, hindi Siya nag-angkin bilang dakilang tagapagpagaling. Ilan ang nakakaalam na ang Anak ng Diyos ay di kailanman nag-angkin bilang tagapagpagaling? Ganoon nga. Sabi Niya, "Hindi Ako makagagawa ng anuman sa Aking Sarili, bagkus kung ano ang makita Ko na ginagawa ng Ama. Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa," sabi Niya, "ang Ama ito na nananahan sa Akin. Siya ang gumagawa ng mga gawa." Ano bang uri ng mga gawa ang ginawa Niya?

15 Matatagpuan natin sa Biblia, na may lalaki dun na ang pangalan ay Felipe na naligtas. At nagtungo siya sa dako roon at naabutan ang isang kaibigan, si Natanael, doon sa ibayo,

tatlumpung milya paikot ng bundok. Isinama niya ito pabalik kay Jesus. At nung maabutan niya ito, nasa ilalim ito ng puno, nananalangin. At sabi niya, "Halika, sumpungan mo Siya na natagpuan namin: si Jesus na taga-Nazaret, anak ni Jose."

Sabi nito, "May mabuti bang bagay na manggagaling sa Nazaret?"

Sabi niya, "Halika't sumpungan mo."

16 Yun nga ang pinaka mainam na ebidensya na nalalaman ko. Huwag kayong basta sasang-ayon lang sa sinabi ng kung sino patungkol Dito. Pumaroon ka't, sumpungan mo mismo! Sabi, "Halika't sumpungan mo."

17 At nung makarating siya, nakatayo si Jesus doon sa mga nakapila, marahil nananalangin para sa mga tao. At nung si Felipe'y makarating, kasa-kasama si Natanael, sabi ni Jesus, "Narito ang isang Israelita, na sa kanya'y walang daya!"

18 Sabi niya, "Kailan Mo ako nakilala, Rabbi?" Namangha siya dahil dun. "Kailan Mo po ako nakilala?"

19 Sabi Niya, "Bago ka pa tawagin ni Felipe, nung nasa ilalim ka ng puno, nakita na Kita." Tatlumpung milya ang layo, na bumagtas pa paikot ng bundok, pero, "Nakita na Kita."

20 Ipinapakita nga n'yan kung Sino Siya. Siya ang Diyos na sumasa lahat ng dako; di lang isang propeta, bagkus ang Diyos Mismo na nahayag sa laman. Yun ang dahilan kung bakit magagawa Niyang ihimlay 'yun, ang buhay Niya, na mairatay 'yun, tapos bangunin 'yun muli.

21 May isang munting babaing lumabas noon para sumalok ng tubig isang araw. At nakipag-usap Siya sa babae, ang sabi, "Babae, dalhan mo Ako ng maiinom!"

22 Sabi nung babae, "Hindi kaugalian sa iyo na mga Judio na humingi sa amin, na mga Samaritano, ng ganun. Wala tayong kaugnayan sa isa't isa."

23 Sabi Niya, "Pero kung nalalaman mo lamang kung Sino ang kausap mo, hihingi ka sa Akin ng maiinom. Dadalhan Kita ng Tubig na di ka na paparito para sumalok pa."

24 At ang sabi ng babae, "Malalim ang balon, Ginoo. Wala Ka namang panalok, at saan Mo kukunin ang Tubig na ito."

25 Ano 'yung ginagawa Niya roon? Kinauugnay ang espiritu nung babae. At nung masumpungan Niya ang suliranin sa babae, na ang suliranin sa babae'y namumuhay ang babae ng mapagpangalunyang buhay. Haya't lima ang naging asawa niya't, may kinakasama na ikaanim.

At sabi ni Jesus sa babae, "Pumaroon ka, sunduin mo ang asawa mo, at pumarito."

Tapos sabi ng babae, "Wala akong asawa."

26 Sabi Niya, "Hindi, nagkaroon ka na ng lima, at ang isa na kinakasama mo ngayon ay di sa iyo. Kaya, tama ang sinabi mo."

27 Tingnan n'yo ngayon, 'yung Judio. Nung ipamalas ni Jesus ang himalang 'yun sa lalaki, na tunay na tapat na Judiong 'yun, tunay, na totoong Judio, sabi, "Ikaw ang Anak ng Diyos, ang Hari ng Israel." Batid niya mismo na ang mga tanda na 'yun ay marapat lamang na lalakip sa Mesiyas.

28 At ngayon heto ang isang Samaritana. Nung ang himala ay ipamalas sa kanya, sabi niya, "Ginoo, napagkikilala ko na Ikaw ay isang Propeta. Alam namin na kapag dumating ang Mesiyas, isasaysay Niya sa amin ang mga bagay na ito. Pero Sino Ka?"

Sabi Niya, "Ako Siya na nangungusap sa iyo."

29 Iniwan ng babae ang panalok niyang banga, at kumaripas mismo patungo sa bayan, at nagsabi, "Halikayo, sumpungan n'yo ang isang Lalaki Na nagsaysay sa akin ng mga bagay na nagawa ko. Hindi baga't ito na ang Mesiyas?" Tunay.

30 Sa buong tugaygay ng mga Kasulatan ay maiisa-isa natin, 'yung kung papaanong ginawa Niya mismo ang mga bagay na ipinakita sa Kanya ng Ama. Sinabi ng Biblia, sa may San Juan, noong tanungin nila Siya kung bakit di Niya pinagaling ang lahat ng mga pilay, at sabi Niya, "Katotohanan, katotohanang, sinasabi Ko sa inyo." Sa may San Juan 5:19, "Katotohanan, katotohanang, sinasabi Ko sa inyo, ang Anak ay di gagawa ng anuman sa Kanyang Sarili; bagkus kung ano ang makita Niya na gawin ng Ama, 'yun ang ginagawa ng Anak."

31 Ngayon, kung si Cristo ay nagbangon nga mula sa patay, at narito sa piling natin ngayon, at nangako na ang siya ring mga bagay na ginawa Niya, ay 'yun din ang gagawin natin, 'yun nga'y alinman sa Katotohanan 'yun, o hindi 'yun Katotohanan. Ang sabi ng Biblia, "Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpa kailanman."

32 At, mga kaibigan, ikinatutuwa ko nga na malaman, sa araw na ito, na tunay ako, sa buong kalooban ko'y, nananampalataya na si Jesus Cristo'y Anak mismo ng Diyos. Siya'y ipinagbuntis at ipinanganak, sa busilak na kapanganakan. Pinahirapan sa ilalim ni Pontio Pilato; ipinangako sa krus, namatay, inilibing, nagbangong mag-uli ng ikatlong araw; at umakyat patungong Langit, at naupo sa kanan ng Kanyang Karangalan. At ang Espiritu Santo'y narito na ipinagpapatuloy ang siya ring gawa na Kanyang ginawa nung narito pa Siya noon sa lupa. Napaka ganda pong kaisipan!

33 Napaka gandang umaga nun, nung pinaka unang umaga na 'yun ng pagkabuhay na mag-uli, pinakaunang Pasko ng Pagkabuhay na nangyari sa lupa! Napagtatanto n'yo ba na ang Pasko ng Pagkabuhay na ito na ginugunita natin, patungkol sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli, ay tumuturo mismo roon sa dakilang Pasko ng Pagkabuhay na parating, sa oras na

’yun na paririto Siya mula sa Kalangitan? At lahat ng mga patay kay Cristo haya’t sila’y babangon at paroroon kasama Siya. Sadya ngang tayo’y nakatuon dun, sa dakilang Pasko ng Pagkabuhay, na parating. At, ngayong araw na ito, napaka ganda nga nun, grabeng kaaliwan, grabeng patunay na taglay natin, yamang Biblia na mismo ang nagpapahayag, yamang ang Kanyang pagka-sa-lahat ng dako’y ipinapahayag ’yun, yamang ang Kapangyarihan Niya na nagpapagaling ay ipinapahayag ’yun, yamang ang dakila Niyang Espiritu’y ipinapahayag ’yun, yamang ang lahat sa kalikasan ay ipinapahayag ’yun mismo, ipinapahayag ng Kanyang Iglesya, ipinapahayag ng aking puso, ipinapahayag ng bawat puso ng mga taong naipanganak nang muli, na, “si Jesus Cristo ang Anak ng Diyos, at magbabalik muli! At Siya’y siya pa rin ngayon, ‘Kahapon, ngayon, at magpakailanman!’” Ngayon pansinin.

34 Dito nga ’yun sa magandang umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay. Maraming mga bali-balita, usap-usapan. May ilang kababaihan na nagbalik mula sa libingan, at ang sabi’y nakakita raw sila ng isang pangitain ng mga Anghel. At nung una’y inakala nilang baka ’yung tagapangalaga lang ng hardin ’yun; si Maria, na nanay, dahil narinig niya ’yung tinig sa likod niya, na ang sabi, “Sino ang hinahanap n’yo?” At nung Siya nga’y bumaling . . .

35 Nung bumaling siya, haya’t sabi, “Kinuha nila ang aking Panginoon. Hindi ko alam kung saan nila Siya inilagay. Kung alam Mo, sabihin Mo sa akin kung nasaan Siya, at patutungo ako roon para kunin Siya.”

Bumaling Siya, at sabi, “Maria.”

36 At tumingin siya sa Kanya, at sabi niya, “Rabboni,” na ang ibig sabihin ay, “Guro!”

37 Sabi Niya, “Huwag mo Akong hipuin, sapagkat hindi pa Ako nakaaakyat. Pero Ako’y aakyat sa iyong Ama, at sa Aking Ama, sa aking Diyos, at sa iyong Diyos. Pero magsiyaon kayo, sabihin ninyo sa Aking mga alagad na katatagpuin Ko sila sa Galilea.”

38 Mukha ngang gawa-gawang kuwento, patungkol sa Lalaki na ito na nakita nila mismo na inembalsamo; at namatay pa nga, inilibing, at pang-apat na araw na ’yun noon, o pangatlong araw na mula nung Siya’y namatay. Pinanghinaan na noon ng loob si Pedro, at gusto na lang niyang mangisda. May dalawa sa kanila roon na ang sabi, ’yung isa’y ang pangalan ay Cleofas, sabi, “Uuwi na lang kami, sa Jerusalem.” At dun sa daan nila, habang naglalakad doon, nung umagang ’yun, noong si Pedro nga’y binitbit ang pamansing niyang pangisda at pumalaot, para mangisda, hayun ang dalawa sa daan nila, malungkot. At sa paglalakad nila sa daan, napag-uusapan nila, “Buweno, sa palagay ko wala nang saysay pa na mabuhay kung ganito lang. Oh, paniwalang-paniwala tayo na Siya’y Mesiyas! Papaano

nga mangyayari 'yun na ang Lalaking 'yun, Na nagbangon ng mga patay, ay tatayo lang dun at hahayaan ang punong saserdote na alimurain Siya? Papaano naatim ng Lalaking 'yun, na Siya'y nakakakita naman ng mga pangitain at mga pangitain, na hayaan ang Romanong sundalo na talukbungan Siya ng trapo sa Kanyang mukha, at hambalusin Siya sa ulo, at sasabihin pa, 'Kung Ikaw ay propeta, sabihin Mo nga sa amin kung sino ang humampas sa Iyo'? Papaano Niya naatim na sumigaw na lang na kahahabagan, sa krus, yamang kaya naman Niyang magbuhay ng patay?" Oh, grabe ngang nakapanghihina ng loob ang mga panahong 'yun!

39 At dumarating ang mga panahon ng panghihina ng loob sa bawat mananampalataya, para subukin kayo, at para masubok kayo, at para makita kung tunay ka ngang nananampalataya. "Bawat anak na lumalapit sa Diyos, ay kinakailangan muna na masubok, masanay mula pagkabata."

40 May ilan sa inyo rito sa gabing ito, walang duda, na dadaan sa siya ring mga pagsubok na 'yun. Kung tatawag tayo ng pila para sa pananalangin, di ko alam kung sinu-sino ang mga may prayer card, walang nakakaalam; hinahalo-halo ang mga 'yun na sama-sama, at iniaabot lang sa inyo. Tatawag ako sa kung saang bilang, anumang bilang na maisip ko sa oras na 'yun. Di nga natin kayang magpatayo ng lahatan at paunti-unti lang muna. Dalawang dosena, marahil, ang pararaanin sa pila para sa pananalangin. Lahat ay nagnanais na siya ang mapunta rito. Tapos iisipin n'yo na nilampasan Niya kayo, pero di Niya kayo nilampasan. Sinusubok lang Niya kayo, tinitingnan kung ikaw ba'y makasasampalataya nang totoong-totoo sa Kanya. Hindi ang pangitain ang nakakapagpagaling; ang ginagawa lamang ng pangitain ay pagtibayin ang Kanyang Presensya.

41 Nakaupo ako rito kanina, haya't nakatingin ako ngayon sa mga tagapakinig. At natanaw ko ang isang—isang kaibigan ko, si Gng. Cox, na taga-Kentucky. May malaking kanser siya sa kanyang mukha, mga ilang linggo ang nakararaan, talagang nasakop na nang husto't umabot na mismo sa paligid ng mata niya. Mamamatay na siya. Si Gng. Wood, na kalugud-lugod ko pong kaibigan, tumawag siya sa akin sa telepono, at umiiyak, sabi, "Sa palagay ko aabot na 'yun sa mata ng nanay ko, sa loob ng ilang araw." Sinubukang remedyuhan ng doktor, gamit ang kung anong gamot, at ikinalat 'yun. Talagang malubha na. Pumasok ako at nag-alay ng simpleng, munting panalangin, na may pananampalatayang naka-angkla, na 'yun ay mareresolba. At heto siyang nakaupo rito ngayong gabi, ganap na normal na at mabuti na ang kalagayan; ni katiting nun ay walang natira, magaling na magaling na, ang mukha niya. Nakaupo siya rito sa harapan natin. Tapos hayan din ang iba na may ganun ding kalagayan noon. Bakit? Dahil si Jesus Cristo'y bumangon mula sa patay, at Siya'y nabubuhay.

42 Ang Siya ring ’yun na humipo sa isang mayroong ketong, at nagsabi, “Ibig Ko, luminis ka,” ay magagawang hipuin maski kanser at magsasabi, “Ibig ko, luminis ka,” kung Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

43 At nung si Cleofas at sila’y naglalakad dun, pinanghihinaan ng loob, isa nga ’yun sa talagang nakapanlulumong umaga, na para bang lahat na lang ng bagay ay pumalya. Bigla na lang, may Isa na sumulpot, hayan nga Siya na dumating sa likuran nila, bumilis nang lakad at inabutan sila sa paglakad. At wala silang kamalay-malay na ’yun na pala ang Panginoong Jesus! Buhay Siya, at marami sa mga nagmamahal sa Kanya’y di pa ’yun nababalitaan.

44 At ganun din ’yun sa panahon ngayon. Maraming mga tao ang umiibig sa Panginoon, at di ’yun napagtatanto. Marahil masasabi mo sa kanila ang tungkol dun, at gayunpaman ay di pa rin napagkikilala na Siya’y buhay kailanman, sa gabing ito, na Siya’y narito mismo sa iglesyang ito ngayong gabi, na Siya’y narito sa kalagitnaan natin, at mananatili hanggang sa Siya’y pumarito na sa pisikal, na korporal na katawan. “Di Ko kayo iiwan ni pababayaan man.”

45 At nung nagpapatuloy sila sa paglakad, haya’t nagsimula silang magkuwentuhan sa daan, si Jesus, gusto kong mapansin n’yo kung ano ang unang bagay na ginawa ni Jesus, dumiretso mismo sa pagtugaygay sa Kasulatan, sabi Niya, “Oh, pusong haling, mahirap ba para sa inyo na magsisampalataya sa sinabi ng mga propeta?” Dahil, katatanong lang Niya sa kanila noon, “Bakit kayo nalulumbay?”

46 At sabi nila, “Ikaw ba’y nakikipamayan? Hindi Mo ba alam na si Jesus na taga-Nazaret, Na iniisip namin na Mesiyas, ang Tagapagpalaya ng Israel, hindi Mo ba nabalitaan na pangatlong araw na ito ngayon mula nung ipako Siya sa krus? At Makapangyarihan Siyang lalaki sa Salita. Makapangyarihan Siyang propeta, haya’t maraming mga himala’t mga bagay-bagay, ang ipinangyari ng Diyos sa pamamagitan Niya. At ikatlong araw na ito ngayon; at ngayon nga’y napatay na nila Siya, at inilibing Siya, at Siya’y nasa libingan. At may mga kababaihan na lumapit sa amin at ang sabi sa ami’y nagbangon daw Siya mula sa patay. At alam namin na gawa-gawang kuwento lang ’yun, kaya heto kami na pabalik na sa daan namin.”

47 Pagkatapos ’yun ’yung sandali na sinimulan Niyang buksan ang Salita. Oh, gustung-gusto ko talaga ang Walang Hanggang Salita ng Diyos! Sinimulan Niyang tugaygayin isa-isa ang mga Kasulatan, simula kay Moises. Wala Siyang kinaligtaan na di man lang nabanggit, dumiretso Siya mismo sa Salita!

48 Sinumang tao na sugo ng Diyos, di ko alintana sinupaman siya, siya'y mananatili't mananatili sa Salita ng Diyos. Kung di Siya manatili, hindi Siya tunay na lingkod ng Diyos.

49 Dumiretso Siya mismo sa Salita. At ipinakita Niya, sa pamamagitan ng Salita, na si Cristo'y kinailangang mamatay, magbangong mag-uli, at papasok sa Kanyang Kaluwalhatian. Ngayon, oh, napaka dakila marahil ng kanilang pag-uusap!

50 Kung sa akin lang ay gusto ko ngang magkaroon ng kahit kaunting oras lang na 'yun na Siya ang kau-kausap (diba't kayo rin?) sa may daan. Sasabihin n'yo, "Buweno, Kapatid na Branham, kung sa akin lang ay gusto ko. Kung puwede lang sana." Buweno, maaari nga nating makamit 'yung ngayon. Siya kasi 'yan na nangungusap sa inyo, sa loob ng inyong puso. Di n'yo lang napagkikilala.

51 Ngayon pansinin n'yo nung Siya'y papalapit na sa bayan, sumapit na ang gabi, umakto Siya na parang hihiwalay na sa daan.

52 Marahil gawin Niya rin 'yun sa inyo, siyanga. Para bang paiisipin Niya sa inyo na hihiwalay na Siya mula sa inyo sa daan, pero di Niya gagawin. Di Siya lilisan. Gusto lang Niya na imbitahan n'yo Siya.

53 Tapos ang sabi nila sa Kanya, "Oh, palubog na ang araw. Ngayon huwag Ka nang lumayo pa, haya't pumasok Ka na lamang at tumuloy rito sa amin." Sige't imbitahan n'yo Siya nang parang ganoon, sumpungan n'yo kung anong mangyayari. Sabi, "Palubog na ang araw ngayon, pumasok Ka't tumuloy sa amin. Pagabi na." Pagkatapos bumaling Siya't pumasok na, sa munting kainan, sa munting panuluyan.

Sa Europa ay may mga ganoon pa rin sila. Yung kakain ka roon at matutulog, at isahan ang pagbabayad, sa hotel n'yo na 'yun.

54 At nung tumuloy na Siya sa loob kasama sila! Heto po ang magandang parte. Buong araw na 'yun, habang nakikipag-usap sila kasama Siya, di Siya nagbanggit ni isang bagay. Gayong, nakasama na nila Siya sa paglalakad at nakausap pa nga Siya, noon-noon pa, pero di nila ito napagkilala.

55 Sino ang nag-iwas sa inyo mula sa aksidente nung isang araw? Sino ang nagpagaling sa sanggol? Sino ang nagbayad ng mga pinamimili n'yo para sa tahanan? Siya, pero di n'yo lang ito napagkikilala. Sino ang nagkakaloob sa inyo ng kalusugan para makadako rito sa pagsamba ngayong gabi? Siya, pero di n'yo lang ito napagkikilala. Oh, kung magagawa lang natin na gawin ang ginawa ng mga kalalakihang 'yun noon, na haya't inanyayahan Siya na tumuloy sa loob!

56 At sa pagpasok Niya, makapasok na, ipininid na ang mga pinto, at pagkatapos ay may ginawa Siyang isang bagay na wala

ni sinumang tao ang makagagawa nun sa paraan na ’yun. Siya lang ang tangi’t nag-Iisa na makagagawa nun, mangyari nga na nakasa-kasama na nila Siya noon bago Siya maipako sa krus. At kumuha nga Siya ng tinapay, at, gaya ng kung ano ang ginagawa Niya noon, hayun nga ang Kanyang Sariling paraan ng paggawa nun. At nangabuksan ang kanilang mga mata, at napagkilala nila na aba’t Siya na pala ’yun. Mangyari ring di Siya nagtagal kasama nila. Naglaho Siya sa kanilang paningin, nang biglaan. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.]

57 At sa daan nila, bumalik sila sa abot ng masikap nilang makakaya, nang may kaliksihan sa kanilang paa, sumisigaw ng tagumpay, para ipamalita sa mga kasamahan, “Ang Panginoon ay tunay ngang nagbangon!” Di sila bumalik para makipagtalo sa mga kasamahan patungkol sa relihiyon. Di sila bumalik para makipagbangayan patungkol Dito. Sadyang nalaman lang nila na Siya’y nagbangon mula sa patay!

58 Ngayon, mga kaibigan, kung si Jesus Cristo, ang buhay na Anak ng Diyos, matapos ang labing-siyam na raang taong nakalipas, kung totoo ang Biblia, ang sabi Niya, “Ako’y nabubuhay kailan man,” Siya nga’y anupa’t buhay na buhay talaga, sa loob ng gusaling ito ngayong gabi, gaya ng kung papaano Siya noon sa araw na ’yun ng pagkabuhay Niyang mag-uli, Siya’y nasa isang katawan pa nga.

59 May ilan sa kanila na nagkatipun-tipon. At tumagos Siya sa may dingding, nagpakita roon, sa kalagitnaan nila, sabi, “Heto, hipuin n’yo Ako. Tingnan n’yo ang Aking mga pilat sa Aking mga kamay. Ang espiritu ba’y may laman at buto gaya nito na mayroon Ako?” Ang sabi pa Niya, “Bigyan n’yo Ako ng makakain.” At binigyan nila Siya ng isda’t tinapay. At tumayo Siya roon at kinain ’yun, sa harapan nila mismo, sabi, “Ang isang espiritu ay di kumakain gaya nga nito na nakikita n’yo Ako na kumakain.”

60 Ano Siya? Siya nga ang dakila’t, nabubuhay na Diyos na Jehovah na nasa kalagitnaan natin ngayong gabi. Siya’y nasa gitna ng kung sinumang dalawa o tatlo na nagkakatipon: “Ako’y naroon sa gitna nila.”

61 At ngayon heto ang naiisip ko. Kung si Cristo’y dadako rito sa mga nakikinig na mga narito, habang pinagpapawisan kayo, naghihintay, at patutunayan mismo, sa Pasko ng Pagkabuhay na ito, na buhay Siya, at nakatayo sa gusaling ito ngayong gabi, kung ganoon ay may karapatan kayo na hingin sa Kanya ang anuman na ikinamatay Niya, at sampalatayanan na inyo ’yung matatanggap. Nananampalataya ba kayo na Katotohanan ’yun? Tunay, nga.

62 Ngayon, makakapangusap nga ako sa inyo nang mahaba, pero isang Salita lang mula kay Cristo ay higit ang halaga

kaysa sa lahat ng salitang kaya kong bigkasin; mapagod man at mamalat ang boses, at mapaos ang boses.

63 At isa pang bagay, sa pangungusap. Napakahirap po, dahil ito'y aking sariling bayan, na magkaroon ng matagumpay na pagtitipon na may kalakip na pahid ng Espiritu katulad nun. Bakit? Dahil ito'y sarili kong bayan. Sinabi ni Jesus 'yun, "Ang isang propeta, sa kanyang sariling bayan, sa kanyang sariling bansa, anupa't maging sa sarili niyang pamayanan." Yun nga'y isang bagay na ganoon talaga.

64 Ang sabi-sabi ng mga tao nung nagtungo Siya sa Sarili Niyang bayan, sabi nila, "Hindi ba't ito 'yung anak nung karpintero? Hindi ba't ang nanay Niya, si Maria, ay nakatira ritong kapitbahay lang natin? Hindi ba't dito rin nakatira ang Kanyang mga kapatid na lalaki, at Kanyang mga kapatid na babae? Hindi ba't kilala natin sila? Sa aling eskuwelahan ba Siya nanggaling? Sa aling seminaryo ba Siya nakapagtapos? Ano bang mga kredensyal ang hawak Niya?" At Siya nga'y di nanggaling sa alinmang eskuwelahan o alinmang seminaryo, ni may kredensyal mang hawak, bagkus ay nanggaling Siya mula sa Diyos. Pero di nila makita-kita 'yun. Sabi nila, "Saan ba Niya nakuha ang karunungan na ito?"

65 At mangyari nga na nasaksihan nila Siya na tinatalos ang isip ng mga tao, nung lumapit nga si Pedro sa Kanya, sabi Niya, "Ang pangalan mo ay Simon, ang pangalan ng tatay mo ay Jonas," para ngang napasahig sila sa pagkagulat. Papaano Niya nakilala sila?

66 Tumayo roon ang mga Fariseo sa gilid, at ang sabi, "Siya'y Beelzebub. Siya ang pinaka mataas sa mga manghuhula ng kapalaran. Isa Siyang diyablo!"

67 Tapos sinabi ni Jesus, "Sinasabi n'yo 'yan laban sa Akin, na Anak ng tao, ito'y ipatatawad sa inyo. Pero kung dumating na ang Espiritu Santo't ipamalas ang siya ring bagay, haya't ang magsalita kayo ng isa mang salita laban Dito, ay di na ito kailan man ipatatawad sa inyo, sa mundo mang ito o sa mundo na parating." Kaya, delikadong bagay ito. Mangyaring papaano Niya 'yun nalaman? Bakit Niya sinabi 'yun? Batid Niya kasi na ang mga tanda na 'yun ay kukupas hanggang sa darating muli sa huling araw na ito.

68 At sa huling mga araw na ito, hindi Siya maituturing na matuwid, na ibubuhos Niya ang Kanyang galit sa mga taong matutuwid. Sila nga'y. . .Tayo'y isinalang para timbangin sa timbangan, at nasumpungan na kulang. Paano't ang buong pinaglalagakan natin ng ating isip ay katuwaan sa buhay, mga programa sa radyo, aba't lantaran pa nga, sina Elvis Presley, Arthur Godfrey, kung anu-anong mahahalay na biro, mula sa mga sikat sa radyo't telebisyon. Nagpapaiwan tayo tuwing Miyerkules ng gabi, na di dadalo ng gawain sa pananalangin,

para makapanood ng kabulukang tulad nun, at pagkatapos ay tatawagin natin ang ating mga sarili na mga Cristiano?

69 Pagkatapos nung ibuhos ng Diyos ang Kanyang Espiritu, at magpakita ng tanda ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, atin ngang kinokondena Ito at iniitsa-puwera. Haya't kasalanan na di mapapatawad, ang gawin ang bagay na 'yun. Sabi ni Jesus, "Magsalita kayo ng isa mang salita laban Dito, hindi 'yun mapapatawad, sa mundo mang ito o sa mundong parating." Kaya ang Espiritu na 'yun ay marapat lamang na dumating sa huling mga araw na ito, para patunayan na ang Salita ng Diyos ay totoo.

70 At sinasabi ko mismo, sa ilalim ng kapamahalaan ng Salita ng Diyos, at sa dama ng aking sariling kaluluwa: ang siya ring Espiritu Santo (Espiritu) ay narito mismo ngayon sa gitna ng mga taong narito. Ngayon, dinedeklara ko na Siya'y nagbangon mula sa patay. Dinedeklara ko na Siya'y buhay, nabubuhay kailanpaman. Dinedeklara ko na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman; di nagbabago sa prinsipyo, di nagbabago sa Kapangyarihan; di nagbabago sa lahat ng bagay, ang mismong buo't lahat-lahat liban sa Kanyang korporal na katawan sa pagkakaupo sa kanan ng Diyos at Karangalan, sa Kaluwalhatian. Mangyari ngang ang Espiritu Santo'y narito, gumagawa, kumikilos, nagpapamalas, ginagawa nang eksakto gaya ng ginawa noon ni Jesus Cristo, dahil 'yun ang patunay ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Grabeng kagandang oras! Ngayon sa palagay ko'y nakikita n'yo na kung saan ako nakatindig.

71 Ngayon, hindi lang po sa munti't, nasa sandaang katao, o dalawang daang katao rito sa loob—sa loob ng munting gusali na ito, na nagsisiksikan dito ngayong gabi, bagkus sinabi ko ang pahayag na ito sa harap ng libo-libong makalibo, at daan-daang makalibo, hawak-hawak ko ang Biblia sa isang kamay, at ang Koran sa isa namang kamay, nagsabi, "ang isa'y tama, at ang isa'y mali," at hinamon ang mga Mohammedan na imam na lumapit at patunayan mismo, o kung sino pang iba, Buddha, o anupaman siya, na haya't laban sa Koran, at laban sa kanila ngang relihiyon, pero ang lahat ay walang imik.

72 Mangyari nga, kapatid, ang dahilan kung bakit ko ginawa 'yun, ay dahil alam ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay! At Siya ang Katotohanan. Si Jesus Cristo'y buhay. Siya nga'y narito!

73 Ngayon wala nga akong bagay na magagawa ko sa sarili ko, ito'y kaloob ng Diyos. "Papaano mo nagagawa?" Haya't pinagagamit ko lamang ang sarili ko.

74 Dito mismo sa loob ng gusaling ito ay maraming, maraming mga Anghel. Sasabihin n'yo, "Nasa Kasulatan ba 'yan?" Nasa Biblia po. Sige't ipakikita ko sa inyo. Ilan po ang mga Cristiano

rito? Pakitaas lang ng inyong kamay. Sige, puwede n'yo nang ibaba. Ang sabi ng Biblia, "Ang mga Anghel ng Diyos ay naka kampamento sa palibot ng mga nangatatakot sa Kanya." Kaya, may mga Anghel talaga rito!

75 Pagkatapos sinabi pa ni Cristo, "Saanman na may dalawa o tatlo na nagkakatipon sa Aking Pangalan, Ako'y nasa gitna nila." Kung ganoon, Siya'y narito! Ang kaso lang, di n'yo Siya nakikita, pero sa pamamagitan ng pananampalataya ay tayo'y sumasampalataya rito.

76 Mapatutunayan ko sa inyo na may radyo na pumapasok din dito, siyanga, mga tinig. Mapatutunayan ko sa inyo na may mga imaheng pumapasok dito. Hindi nga lang 'yun nasasasagap *nitong* tube rito; hindi nasasasagap *nito*, nitong kristal, sa may mikropono; haya't di rin nasasasagap sa pirasong *ito* ng gamit, dahil di naman ito ginawa para dun. Pero may piraso nga ng gamit na magagawang ipalabas ang imahe na 'yun.

77 At ang Diyos ay nagsugo ng ilan sa Iglesya, una'y mga apostol, tapos mga propeta, mga guro, mga ebanghelista, at mga pastor, ang lahat ng ito'y para sa ikasasakdal ng Iglesya. Papaano nga natin maitatanggi ang isa't, sasabihin na 'yung isa na 'yun ay di naman? Ang Diyos ang gumawa nito, Mismo. Wala ngang kung anuman sa mundo bagkus ang maipagamit ang inyong sarili sa Espiritu Santo. At ang Espiritu Santo ang siyang mamamahala mula roon, at di mo alam kung ano ang ginagawa mo. Yun nga'y kataas-taasang paggawa ng Espiritu Santo.

78 Ngayon, mga kaibigan, aking sariling bayan. At gusto ko pong sabihin ito ngayon, bago ang pagtatapos ng rebaybal na ito. Isa sa mga araw na ito ay wala ngang kahit na anong abo ang matitira sa Jeffersonville, wala ngang kahit na isa man na matitira sa Charlestown, walang matitira sa Louisville. Ang sanlibutang ito'y hinog na para sa paghatol. May bombang hydrogen na sila ngayon na magagawang ibala ng Rusya mula Moscow, babagsak dito sa Fourth Street, at pasasambulatin ang lahat ng mga planta ng pulbura sa buong palgid dito, at palulubugin ito nang pitumpu't limang talampakan sa ilalim ng lupa, gamit ang isang bomba lang. Isang bomba pa lang; labing-limang milya kuwadrado na agad, tapos tatagos nang sandaan at limampung talampakan sa lupa. Ang kamay ay nakahawak na sa gatilyo. Paubos na ang tiktak ng orasan. Huli na sa inaakala n'yo. Bakit n'yo pa hihintaying sumapit ang oras na 'yun?

79 Alalahanin n'yo, "Ang tabernakulong ito na ukol sa lupa ay masira man, may isa tayo na nakaantabay na." Huwag n'yong katakutan ang mga bombang hydrogen o anupamang bagay. Basta't nariyan sa puso n'yo si Cristo, 'yun ang pinaka mainam na kublihan sa pambobomba na nalalaman ko. Gawa 'yun sa mga balahibong-ibon; na sa lilim ng Kanyang mga pakpak, kayo

nga'y nakapamalagi. Kaya huwag n'yong alalahanin ang mga bagay na 'yun, kung kayo'y isang Cristiano.

80 Pero kung di kayo Cristiano, nakatayo nga kayo sa isang kakila-kilabot na dako. Di n'yo alam kung anong minuto na titigil na lang basta-basta ang pagtibok ng inyong puso. Sinabi ng Biblia na ang mga kalalakiha'y mamamatay sa huling mga araw na ito, na may suliranin sa puso, "Manlulupaypay ang puso ng mga kalalakihan, dahil sa takot, matitilihang panahon, alitan sa pagitan ng mga bansa." Tingnan n'yo nga, sampung beses na mas maraming lalaki ang namamatay, kaysa sa babae; hindi nga sinabi ng Biblia na ang puso ng kababaihan ang manlulupaypay, ang sabi Rito, "Manlulupaypay ang puso ng mga kalalakihan." Kaya saktong-sakto, ganap na ganap.

81 Nung isang araw sa Oakland, ang maybahay ko't ako'y nasa San Francisco, nung yumanig 'yung malakas na lindol na 'yun. Haya't 'yung lupa nga'y animo'y dumidighay at sinisinok doon, hanggang sa magsiugaan ang mga gusali, at 'yung mga tsimeneya'y maglaglagan. May malalaking bola ng hangin na sumirit paitaas nang *paganoon*, na may kasamang usok, o itim na uling, kung anuman 'yun, mula sa mga dakong 'yun. At ang mga tao'y nagsitakbuhan patungong kalsada, nagsisigawan. Sa isip-isip ko, "Paano pa kaya kung ang Panginoon ay nagpakita na talaga?" Yung mga tindahan ng mga alak, haya't makalipas lang, ibinabalik na 'yung mga alak, sa istante, at ibinebenta uli. Yung mga tao nama'y nagsisipuntahan at binibili 'yun uli. Mangyaring di magbebenta 'yung tao kung walang bumibili nun. Siyanga.

82 Mangyaring, lipos tayo sa pagkakasala. Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, kapatid. Amerikano po ako, at mahal na mahal ko ang bansa ko. Pero ang matandang bansa na ito'y isinalang na sa timbangan, at nasumpungan na kulang. Siya nga'y lumulubog, kung papaano ngang nakasisigurado ako na ako'y ministro na narito sa likod ng entablado ngayong gabi. Ngayon sinasabi ko 'yun para makasumpong ng kaluguran sa Diyos. Sinasabi ko ito dahil inilagay ito ng Diyos sa aking puso para sabihin. At ang pinaka mainam na bagay na magagawa n'yo ay ang maghanda mismo para sa Pagparito ng Panginoon.

83 Ngayon sampalatayanan n'yo Siya, manampalataya kayo sa Kanya. Ngayon, ang lahat nga ng mga salita na mabibigkas ko, sige't uulitin ko, ay di maitutumbas sa kung ano ang sabihin ni Jesus. Pero napagtatanto n'yo ba kung saan ako nakatindig, kasama ang grupo ng mga taong ito ngayong gabi? Alinman 'yan sa mali ang pagkakahulugan ko, mali ang pagkakahulugan ko sa isang bagay, o dili kaya'y Katotohanan mismo ang aking ipinapangusap. Ngayon kung si Jesus Cristo'y nagbangon mula sa patay, at, nangako, haya't ang siya ring mga bagay na Kanya mismong ginawa ay gagawin din naman natin, at noon pa ma'y ipinapahayag ko na, mula nung maliit na batang lalaking paslit pa lang. . .

84 Halos wala pa ako noong labing-walong buwang gulang, sa pagkakaalala ko, haya't di pa yata ako lampas dalawang taong gulang, siyanga, nung makita ko ang una kong pangitain. Yun nga'y, di nawaglit, sa buong buhay ko. Ang mga tao po rito sa tabernakulo'y, alam nila 'yan. Hangga't nananatili ako rito, di nga 'yun nabigo maski minsan kahit kailan. At hinding-hindi ito mabibigo, dahil ito'y Diyos. Sa buong palibot ng mundo'y lumaganap ito, may nagningas na isang dakilang rebaybal. At ngayon, dahil sa biyaya ng Diyos, nasa ikalawang milyong kaluluwa na ako, dito mismo sa mga pagtitipon na idinaraos ko, nakakapag-akay patungo sa Panginoong Jesus. Ikalawang milyon, siyanga. At isipin n'yo na lang 'yung iba pang milyun-milyon na sumunod, kina Oral Roberts, lahat ng mga 'yun ay ningas na napagningas mula sa bagay na 'yun, at nagpatuloy, ilang libong makalibo, na sa buong palibot ng mundo'y may isang dakila't malaking rebaybal ng Kapangyarihan ng Diyos, na kumikilos. At hayan nga ang diyablo na pinakawalan ang lahat na ng sari-saring huwad na mga bagay, para kontrahin Ito. Pero ang tunay, na totoong Salita ng Diyos ay magtutuluy-tuloy hanggang sa dulo. Hinding-hindi Ito mabibigo! "Ako ang Panginoon na nagtanim nito. Ako ang nagpapatubig dito araw at gabi, na anupa't walang makabubunot nito mula sa Aking kamay."

85 Ngayon, sa gabing ito, ipinahahayag ko mismo na si Cristo ay nagbangon mula sa patay. Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at kailanman. Ngayon, pagpalain po kayo ng Panginoon. Kung Kanya 'yung gagawin, kung ganoon kayo'y. . .Kung inyo nga itong masasampalatayanan, pagpalain kayo ng Diyos. Hilingin n'yo sa Kanya, pagkatapos, hayang paroroon Siya sa eksena. Kung si Cristo'y magpapakita rito sa entabladong ito! Heto ang isang hamon. Kung si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, ay haya't magpapakita mismo rito sa entablado, at gagawin ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noon nung narito pa Siya sa lupa, kayo po ba'y makasasampalataya sa Kanya?

86 Tingnan n'yo Siya, doon sa daan patungong Emaus, kung papaanong 'yung mga kalalakiha'y, pagputul-putulin. . .Nung Kanyang pagputul-putulin ang tinapay na 'yun, may ginawa Siya na isang bagay na walang sinumang tao ang makagagawa. Yun nga'y isang bagay na si Cristo lamang ang mag-isang makagagawa. At napagkilala nila 'yun.

87 Ngayon kung gagawin Niya ang siya ring bagay rito, na si Cristo lamang ang nag-iisa na makagagawa nun; na hindi nga kung anong huwad na bagay, bagkus ay ang siya mismong bagay na ginawa Niya; kung ganoon ay sampalatayanan n'yo Siya, tanggapin n'yo Siya, manampalataya kayo sa Kanya, ibigin n'yo Siya, paglingkuran n'yo Siya.

88 Pero hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo, huwag kayong basta makikianib lang sa iglesya. Di 'yun uubra. Kinakailangan

na kayo'y maipanganak na muli mismo. Hindi lang 'yung basta maantig ang emosyon n'yo; hindi lang 'yung basta masabi n'yo, "Buweno, nakasigaw naman ako. Nakapagsalita naman ako ng mga wika. Nagawa ko naman 'yung *ganito*," hindi 'yun 'yun. Ito kasi'y kapag tunay na sa kaibuturan ng iyong puso, may kung anong Bagay na dumating na binago ka talaga, at naging bagong nilalang ka kay Cristo Jesus; natanggap mo ang pagka-Siya, ni Cristo Jesus; kapag ang mga lumang bagay ay mamatay, at may mga bagong bagay na maipapanganak muli; kapag iwinawasto mo ang mga bagay, na ginawa mong mali noon; kapag iniibig mo na ang mga kaaway mo, nananalangin ka na para sa mga tao kahit na walang kabuluhang ginagamit ka; diyan nga kayo maituturing na Cristiano na talaga. Ang punongkahoy ay mapagkikilala sa pamamagitan ng bunga na ipinamumunga nito.

89 Nawa'y pagpalain kayo ng Panginoon ngayon, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo. Hinihiling ko sa kapatid na babae na pumunta sa piyano, marahang tugtugin ang "Ang dakilang Manggagamot ay heto ngayong narito, si Jesus na siya namang mahahabagin na lubos." At kayo na nasa labas, ngayon, na may prayer card, magsilapit lang po sa may pintuan, tayo po'y magsisimula na sa ilang saglit. Manalangin po tayo.

90 Aming Mapagpalang Makalangit na Ama. Oh, ang paos ko pong tinig, apat na buwan ng pagsasalita, ako po'y namamaos na sa aking tinig. Pero dalangin ko na Iyo po akong tutulungan ngayon. Heto po ang isa na namang palatandaan ng lakbayin sa Branham Tabernacle. Heto na naman ang isa uling pagsaksi na uusbong sa huling mga araw na ito, sa Araw ng Paghatol. Marami po ang mga nakatayo sa loob at labas man, ngayong gabi, marami sa kanila ang napapaisip, marami ang nag-iisip, "Totoo kaya, o hindi?"

91 Oh Walang Hanggan at Mapagpalang Ama, idinadalangin namin na Iyo na ngayong ipahahayag ang Iyong pag-ibig sa amin, sa pamamagitan ng pagpapakita rito at pagbubunsod sa Iyong Salita na magkatotoo. Naipangusap ko na po ang Iyong Salita, katulad ng pagkakapangusap Mo noon, Mismo, kina Cleofas at sa kaibigan niya, sa daan sa Emaus. At sa daan po namin, Panginoon, habang kami'y nasa pagtahak na lakbayin, Ikaw po'y nangusap sa amin sa pamamagitan ng Iyong Salita. At ngayon Ikaw po'y tumuloy kasama namin! Oh Dakilang Cristo, tumuloy Ka kasama namin, Iyong patunayan ang Iyong mga Salita na magkatotoo, at ibunsod Mo na ang Iyong Sarili'y maparito sa gabing ito. Habang, kami na mga aba't di karapat-dapat na mga nilalang ay magsasabi nang hayagan na kami'y mga makasalanan at di karapat-dapat sa mga bagay na ito, pero amin ngang sinasampalatayanan ito, Panginoon. At sa pamamagitan ng biyaya'y tinatanggap namin mismo ito, sa

pamamagitan ng pananampalataya, na kami'y ligtas, at Iyong mga anak. Iyo po kaming pagpalain, Panginoon.

92 Batid po namin na ang Iyong Salita ay totoo, nung sabihin Mo ang patungkol sa "propeta sa kanyang sariling bayan, sa kalagitnaan ng kanyang sariling mga kababayan." Pero, Panginoon, dalangin ko po, na sa gabi lamang na ito, na Ikaw nga'y tutunghay paibaba sa mga taong narito, at ihayag ang Iyo pong Sarili nang minsan pang muli rito sa siyudad na ito, sa pamamagitan ng pagkilos ng Espiritu Santo. Oh Walang Hanggang Diyos, Iyo pong pagpalain kami habang kami po'y nakaantabay sa Iyo. At gawin ang mga bagay na Iyong ginawa bago ang Iyong pagkakapako dun sa krus, at ang Jeffersonville nga'y wala nang kahit na isang bagay man na mairereklamo. Hayan nga, na nalalaman namin na wala silang mairarason sa Araw na 'yun, na anupa't inihayag Mo na ang Iyong Sarili. Sa Pangalan ni Jesus, ito'y dalangin ko. Amen.

93 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . di 'yun ang nais niya na ipanalangin ko. Hindi, hindi 'yung kanser dahil siya'y pinagaling na roon. Haya't ang nais niya'y ipanalangin ko ang suliranin niya sa likod na mayroon siya. Ganoon nga. Suliranin niya sa kanyang likod. Tama ba? Ngayon nananampalataya ka ba na Siya'y nagbangon mula sa patay? Ngayon masdan. Kung ako'y makikipag-usap sa kanya nang matagal pa, marahil may ilan pang ibang bagay ang masasabi. Di ko alam. Ngayon, wala akong ideya kanina kung ano ang suliranin sa iyo kanina. Di ko alam kung ano kaya 'yun. Kita mo? Pero nasagap nga ng mga rekorder, makikita mo roon kung ano ang sinabi Niya.

94 Tayo nga'y mag-usap pa nang kaunti, at tingnan natin kung Siya'y may masasabi pa sa akin na kung ano pang ibang bagay. May nakikinita akong isang babae na mukhang nasa ganoon ding kalagayan . . . May isa pang babae, at kanya itong ipinapanalangin. At ang babae'y nasa kung anong institusyon o isang ospital, para nga itong . . . isang pagamutan para sa pag-iisip. Ito po'y sa Madison, Indiana. Ito'y—ito'y isang—ito'y isang—isang kapatid na babae na ninanais mong maipanalangin, na nasa isang institusyon. At kung makasasampalataya ka lamang nang buong puso mo, at lahat ng kaloob-looban mo, ibibigay ng Diyos at pagagalingin ang iyong likod at paiigihin ka. Iyo na bang sinasampalatayanan ito ngayon? Sige, lumapit ka.

95 Minamahal na Makalangit na Ama, dalangin namin na sa Pangalan ni Jesus Cristo, ay pagalingin Mo ang babaing ito, at siya'y paigihin ang lagay. At ipagkaloob ang biyayang ito sa kanya. At dalangin ko na ang mga kaawaan ng Diyos ay maglumagak sa babaing ito, at pagalingin siya, at ibunsod ang kaluwalhatian na mauwi sa Iyong Sarili. Idinadalangin ko ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

96 Siguro'y sasabihin ko po ito. May pagpintig na nanggagaling doon, mula roon sa likod *dito*. Sandali lang po, tumayo ka lang diyan sandali. Napansin ko 'yung Liwanag na umalis sa iyo. Napakarami po't, siksikan dito sa paligid ko. Ang lahat ay may paghatak. Pero nakikita ko Ito na kumikilos papunta sa iyo. May isa riyan na . . . May—may pambabaing operasyon ka na pagsasalangan. Siyanga. May nakikita akong dalawa o tatlong tao na sumulpot, at ang Liwanag ay pumaling doon at tumama sa tao na 'yun na nakatayo sa likuran dun. Sila nga 'yun dun na nananalangin. Kita n'yo? Ganun nga. At may, 'yun nga'y kondisyon ng babae na may pambabaing operasyon na pagsasalangan. Ganoon nga. Ngayon umuwi ka na't tanggapin ang iyong kagalingan, haya't pinagaling ka na ng Panginoong Diyos. Amen.

97 Maaari ka bang lumapit? Sa binibini, nananampalataya ka ba sa Panginoong Jesus? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo, ginoo."—Pat.] Nananampalataya ka ba na Siya'y bumangon mula sa patay? Ngayon, ang makilala ka, di ko kaya. Marahil nakita na kita noon kung taga-rito ka lang. Di ko alam. Ang mga tao'y dumarating-umaalis, wala rin ako sa tabernakulo lagi para mapamilyar. Pero, ikaw, taga-rito ka ba sa siyudad? ["Opo."] Taga-rito ka sa siyudad. Buweno, hayan nga't, di kita kakilala. Pero kilala ka ni Cristo. Pero kung ihahayag Niya sa akin, sa pagkakatayo rito, kung ano mismo ang ipinunta mo, makasasampalataya ka ba rito at tatanggapin ito? At alam mo na di ko alam kung ano ang ipinunta mo rito, wala akong nalalaman. Ang mayroon lang, marahil nakikita-kita mo na ako rito sa bayan, o kung ano, o—o kung ano. Di ko alam. Nasa Diyos na 'yun na—na malaman 'yun.

98 Doon sa likod kanina, may pagnanais ka na 'yung problema mo sa bituka'y maalpasan mo na? Nananampalataya ka ba sa Panginoong Jesus na pagagalingin ka? Kung nananampalataya ka, matatanggap mo ito.

99 May isa pa na may malubhang bilang ng dugo, na nakaupo riyan sa likod, nakikinita ko 'yung resulta ng eksaminasyon. Ikaw ba'y nananampalataya na pagagalingin ka ng Panginoon? Sige. Nananampalataya ka ba nang buong puso mo? Kung ganoon ay matatanggap mo ang kagalingan mo, pinagaling ka na mismo ng Diyos ngayon-ngayon lang. Haya't Siya ang nahipo mo. Hindi ako ang nahipo mo, tatlumpung talampakan ang layo mo mula sa akin. Amen.

100 Ngayon nananampalataya ka ba na Siya'y nagbangon mula sa patay? Tingnan mo nga't, mabubuhay ka, ngayon habang ang linya'y pinauusad. Oh, napakahirap ngang pairalin ito sa Jeffersonville! Kita n'yo? At samantalang narito ang madla na gaya nito na nakapaligid sa iyo, narito ang lahat! Hinawakan ni Jesus ang kamay ng isang lalaki noon, at inalalayan ang lalaki palabas ng bayan, minsan.

101 Ngayon tumingin ka sa gawi rito, kapatid na babae, pansumandali. Manampalataya ka na ang Panginoong Jesus ay narito mismo para tulungan ka. Pinahihirapan ka ng problema sa may daanan ng dumi, at may doktor nang tumingin sa iyo. At ang sabi ng doktor ito raw ay almoranas. Nakikinita rin kita na paunti-unti ang kilos sa iyong bahay, at ang usad mo ay mabagal. May artritis ka rin. Yun nga'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Sinabi ng doktor na kailangan mo raw maoperahan. Siyanga. At nakikinita ko 'yung doktor na kanya ngang sinusulatan 'yung munting berdeng card sa kanyang opisina: Rebekah Baker, 509 Graham Street. Ganoon nga. Doon sa loob ng opisina ng doktor, sa talaan dun. Siyanga. Sumasampalataya ka ba? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Siyanga, po."—Pat.] Kung ganoon ay matatanggap mo na ang kagalingan mo. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, nawa'y ang babaing ito'y matanggap ang kanyang kagalingan. Amen. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Humayo ka na't, sumampalataya ngayon. Manampalataya sa Diyos.

Kung mapagkikilala n'yo lamang ang Presensya ng Panginoon!

102 Ngayon ang binibining nakatayo rito, nang sa gayon ikaw nga'y. . .Di kita nakikilala, sa abot ng nalalaman ko. Di mo rin ako kakilala, at di kita kakilala. Tama po ba? Sige. Kung ganun isa ka na di nakakakilala sa akin, at di ko sila kakilala. At di ko rin kakilala 'yung isa pang binibini. Pero hayan nga't ang binibini na ito'y isang ganap na estranghero sa akin, sa abot ng nalalaman ko. Kung tama 'yun, itaas mo ang iyong kamay, binibini. Ito ang una nating beses, na magkita sa buhay.

103 Heto ang isang babae't isang lalaki. Sadya ngang kalugud-lugod na larawan nung San Juan 4, kung saan nagkita roon ang isang babae at isang Lalaki; at 'yung babae't Samaritana, at si Jesus nama'y Judio. At nagsimula silang mangusap sa isa't isa, at isiniwalat ni Jesus ang mga lihim ng puso ng babae't ipinaalam mismo sa babae kung ano ang suliranin sa babae. Ngayon, kung Siya nga'y siya pa ring Jesus ngayon, magagawa Niya ang siya ring mga gawa na 'yun noon ngayon.

104 Kung ang babae po rito'y maitataas niya ang kamay niya sa Diyos, hindi upang manumpa (dahil, hindi tayo naniniwala na dapat 'yung gawin), haya't itinataas lamang niya ang kanyang kamay sa katapatan, habang itinataas ko rin ang kamay ko, na di pa kami nagkita noon, at wala kaming nalalamang anuman sa isa't isa. Magagawa mo bang itaas ang iyong kamay, binibini? Hayan nga. Di pa niya ako nakikita noon, haya't di ko pa rin siya nakikita noon, at siya'y ganap na estranghero. Ngayon kung may. . .

105 Ang Presensya po ng Panginoong Jesus ay narito. Kung ang babae'y may sakit, di ko siya kayang pagalingin pa. Siya

kasi'y pinagaling na; pinagaling na siya ni Cristo noong Siya'y mamatay para sa kanya. Sinasampalatayanan mo ba 'yan? Pero haya't kung Siya'y nakatayo rito ngayon, kasama . . . dito sa dako kung saan ako nakatayo, at gagawin Niya, na maihayag sa babae, o magpamalas ng isang bagay para itaas mismo ang pananampalataya niya para kumatagpo! Ngayon, marahil ang babae'y nakatayo rito dahil sa problema sa salapi. Nakatayo siya marahil dito dahil sa problema sa tahanan. Nakatayo siya marahil dito, na mamamatay na sa kanser. Nakatayo siya marahil dito dahil sa TB. Hindi ko po alam. Hindi ko masasabi sa inyo.

106 At ngayon kung mamarapatin n'yo na ilagay ang inyong sarili sa kinatatayuan ko, halikayo at pumuwesto po kayo rito sa kinatatayuan ko, ikalulugod ko po. [Huminto si Kapatid na Branham—Pat.] Tunay. Maski ako'y walang nalalaman, kaya di ko tatangkain. Pero nalalaman nga ng Diyos ng Langit. Inyo bang nauunawaan na ngayon?

107 At kung ipamamalas ni Cristo ang siya ring bagay rito, ang Katotohanan na di nagkakamali, katulad ng pagbangon Niya mula sa patay, at pinatunayan mismo na Siya ang siya ring Jesus na nangusap sa babae noon sa may balon, ilan po rito ang makapagsasabi, "Tatanggapin ko Siya ngayon mismo bilang Tagapagpagaling ko, o anumang pangangailangan ko"? Itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin, "Tatanggapin ko Siya kung Kanya itong gagawin."

108 Ang babae pong ito na nakataas ang kamay, di ko pa siya nakikita kahit kailan noon. Ipagkaloob nawa ng Panginoon, 'yan ang dalangin ko. Ngayon ang binibini po sa pagkikinita ko ay animo'y lumalayo sa akin; kung naririnig pa ng mga narito ang boses ko. May nakikita akong isang nakatayo. Hindi para sa sarili niya, mistula ba. Nananalangin siya para sa isa pang tao, at isa po itong matandang babae. Ang kanyang nanay, ang kanya pong ipinapanalangin. Tunay. Ang nanay po'y may mga munting atake sa puso, may kumikislot-kislot sa puso, mistula ba. Di makatulog ang nanay sa gabi. Tama po ba? Itaas mo ang iyong kamay kung totoo. At ang binibining ito'y di taga-rito. Ang binibini po'y mula pa sa malayo. Ang binibini po'y taga-Georgia. Siyanga. At ikaw nga'y taga-Georgia. At nagnanais ka rin ng panalangin para sa iyong mata, siyanga rin. Nabubulag na ang iyong mga mata. At totoo 'yun. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? Kung sumasampalataya ka, itaas mo ang kamay mo. Sige.

109 Ngayon sumasampalataya ba kayo? Ngayon manampalataya kayo sa Diyos. Habang ipinapanalangin ko siya, manalangin din kayo riyan para sa inyong sarili, at sampalatayanan ang Diyos. Siya po'y narito, sumasa lahat ng dako.

Halika rito, kapatid na babae.

110 Mapagpalang Tagapagligtas, ipinapanalangin ko po ito, sa Pangalan ni Cristo, na Iyong ipagkakaloob sa babaing ito ang kanyang mithi. Nawa'y ang Kapangyarihan ng Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat ay maglumagak sa kanya, at siya nawa'y mapagaling at makuha ang anuman na hinihiling niya. Idinadalangin ko po ang pagpapalang ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

111 Ngayon makahahayo ka na, na nagbubunyi, at masaya. At sumampalataya, kapatid na babae, at gumaling ka na. Sige.

112 Di ko lang po sigurado, pero sa tingin ko ay kilala ko ang kasunod na babaing ito. Sa palagay ko taga-Georgetown ka, dahil ako'y. . .Hindi po ba't kamag-anak kayo ni Kapatid na Arganbright? Hayan nga, na ngayon sa pahid na ito, talagang iba. Pansin mo na may kakaiba ngayon. Kapag nakakausap kita sa ibang lugar; iba 'yung ngayong sandali mismo. May nararamdaman kang tunay na kaaya-ayang pakiramdam, tila ba. Ang Espiritu Santo 'yun. Di ka naparito para sa sarili mo. Naparito ka para sa ibang tao, at ito'y para sa isang munting batang babae na mga apat o limang taon ang edad. Ang bata'y may sakit sa bato, at ang bata'y nakatira sa hilagang Indiana. Siyanga. Yan ngang hawak mo sa kamay mo, ipadala mo 'yan sa kanya, at ang bata'y gagaling. Manampalataya ka nang buong puso mo ngayon, at tanggapin mo ang hinihiling mo, sa Pangalan ni Cristo.

"Kung makasasampalataya ka lamang, lahat ng mga bagay ay maipangyayari!"

113 Heto po ang isang ginang na estranghero sa akin. Di kita kakilala, di pa kita nakikita sa buong buhay ko. Estranghero tayo sa isa't isa, malayo ang agwat ng taon; marahil marami, maraming milya ang layo sa kung saan ipinanganak. Di kita kakilala, di pa kita nakikita kahit kailan. Pero nakikilala ka ni Jesus Cristo.

114 Haya't may bagay na nangyari sa mga tagapakinig; may isang lalaki na biglang lumitaw rito malapit sa akin. Dito siya nakaupo, sa banda rito, pumutok na sugat sa pusod. Ikaw po ba'y sumasampalataya, ginoo? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo."—Pat.] Kung ganoon ay pinagagaling ka na ni Cristo't pinaiigi na ang iyong lagay! Amen.

115 Sa ganoon n'yo nga 'yun maibubunsod, manampalataya! Ano ang hinipo niya? Di ko pa nakikita kahit kailan ang lalaki; pero siya'y pinagaling ora mismo rito. Ang hinipo niya'y ang Panginoong Jesus na Siyang narito mismo. Iwaglit n'yo ang di pagsampalataya mula sa inyo! Iwaglit n'yo sa isipan n'yo na ako si William Branham. Tumingin kayo kay Jesus Cristo, Siya ang Isa na narito. Hinahamon ko ang pananampalataya n'yo, sa Pangalan ni Cristo, na iwaglit n'yo sa inyong isipan na ako ito; at manampalataya na ang Panginoong Jesus ito na narito, at

tingnan n'yo kung anong mangyayari. Di ko alintana saan man kayo sa loob ng gusali.

116 Ngayon heto ang isang munting ginang. Hindi ko pa siya nakikita kahit kailan. Mas matanda siya sa akin. Siya'y, di ko siya kilala, kung taga-saan siya, wala akong nalalaman tungkol sa kanya. Ako'y ganap na estranghero sa kanya. Pero kilala siya ni Cristo.

117 Kung ihahayag Niya sa akin kung ano ang sadya mo rito, tatanggapin mo ba ito at sasampalatayanan ito? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Sigurado po."—Pat.] May kakatwa kang naramdaman mga ilang minuto lang ang nakararaan, nung may bagay akong ipinangusap, di po ba? Ito'y para sa kapatid mong babae na nasa institusyon ng mga may sakit sa isip sa Madison, Indiana. Tama po. Hayan nga't, may isang babae na nakatayo rito, at nakatayo ka sa banda riyan na nakatingin sa gawi rito. At sa pangitain, nananampalataya ka nung dumulog ka rito. Ganoon nga. Yun ang nagpapangyari dun. At ang dahilan kung bakit naparito ka sa gabing ito, ay dahil may sakit ka sa puso. Inatake ka sa puso. Ganoon nga. At nakikita ko ngayon, sa pagtingin ko sa isang pangitain, isang bulubunduking lupain. Nakatira ka sa kung saang dako sa timog Indiana. Nakatira ka malapit sa Corydon, taga-roon ka. Makauuwi ka na, magaling ka na. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Ito'y GANITO ANG SABI NG ESPIRITU SANTO.

118 Manampalataya, at maniwala. Huwag mag-alinlangan. Manampalataya lamang. Napagkikilala n'yo na ba ang pagka sa-lahat-ng-dako ng Panginoong Jesus? Kahanga-hanga nga! Ano pong nangyari?

119 Dito sa may bandang sulok, may nakita akong pangitain. Di alam ng doktor kung ito ba'y kanser o TB. Tama. Pero kung makasasampalataya ka, ikaw ay magaling na, ano't anuman. Ang pananampalataya mo'y iniligtas ka. Humayo ka na.

120 Hayan po. Ang pagka sa-lahat-ng-dako ng buhay na Diyos! Hinahamon ko ang pananampalataya n'yo. "Kung kayo nga'y makasasampalataya lamang!" Ngayon, Siya'y nagbangon mula sa patay. Siya'y narito ngayon kasama natin. Siya 'yun! Hayan nga ang mismong mga bagay na ginawa Niya nung narito Siya noon sa lupa. Dalawang libong taon ang nakalipas, Siya'y nananatiling buhay, at Siya'y nabubuhay kailan-kailanpaman. Manampalataya lamang, manampalataya.

121 Di kita kakilala, binibini. Di pa kita nakikita sa buong buhay ko, wala akong nalalaman tungkol sa iyo. Tama, di po ba? Nakikilala ka ni Jesus Cristo. Kung maihahayag sa akin ng Diyos kung ano ang sadya mo, makasasampalataya ka ba sa Kanya, at maniniwala na ako'y propeta Niya? Kung gagawin Niya, alam mo nga na may kung anong Bagay na nagpahid sa akin. Malalaman at malalaman mo na Ito 'yun. Ngayon kung

sasabihin ko lang, “Ipapatong ko ang aking mga kamay sa iyo, gagaling ka,” may karapatan ka nga na pagdudahan ’yun. Pero kung may sasabihin sa akin ang Diyos na isang bagay na alam mo na katotohanan, kung ganoon ay malalaman mo kung totoo ’yun o hindi. Tama po ba? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Tama.”—Pat.] Suliraning pambabae. Naoperahan, nakikinita ko na iniaalis ka mula sa mesa ng pag-oopera, na may kung anong bagay na puti sa ibabaw ng mukha mo, pero di ’yun naging matagumpay. Ganoon nga. Mangyaring, ’yung diyablo’y nagtago mula sa doktor, pero di nga ’yun makatatago mula sa Diyos. Makauuwi ka na, at magaling ka na, binibini, pinagaling ka na ni Jesus Cristo at pinaigi na ang iyong lagay.

Kung makasasampalataya kayo!

122 Ako’y estranghero sa iyo, ginang. Nananampalataya ka ba na si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, ay narito mismo? Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka Niya? Ano lang ba ang diabetes, na haya’t kaya ’yang pagalingin ng Diyos. Ikaw ba’y sumasampalataya na pagagalingin ka Niya? Kung ganoon makauuwi ka na’t tanggapin mo ang iyong kagalingan, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos. Amen.

Halika rito, ginang. Sumasampalataya ka ba?

123 Ngayon itigil mo ’yung iniisip mo dun sa likod! Hindi ito “pagbabasa ng isip.” Hindi mo nga maitatago ’yan ngayon! Sige’t ipakikita ko sa iyo.

124 Di ko kilala ang babaing ito. Ipatong mo ang mga kamay mo rito sa kamay ko, ginang. Kung ihahayag ng Diyos sa akin kung ano ang suliranin sa iyo! Heto nga ako na nakatingin sa gawi *rito*, para malaman mo na di ko binabasa ang isip mo. Kung ihahayag ng Diyos sa akin kung ano ang suliranin sa iyo, ikaw ba’y makasasampalataya na si Jesus Cristo’y Anak ng Diyos, at ako’y lingkod Niya? Kung sumasampalataya ka, itaas mo ang iyong kamay. May suliraning pambabae ka, sakit na pambabae. Ganoon nga. Mayroon ka kanina; ngayon wala na. Magaling ka na. Humayo ka na sa daan mo, at magbunyi at magalak.

125 Halika rito, ginoo. Yang sakit na ’yan sa bato, at bagay na gumagambala sa’yo. Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka na ng Diyos? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, “Opo.”—Pat.] Na mapapagaling ka mula riyan? Kung ganoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, tanggapin mo ang kagalingan mo, at humayo ka na sa daan mo, na nagbubunyi. Amen. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

Manampalataya!

126 Kumusta ka, binibini? Hindi ba’t ikagagalak mo na umuwi, at kumain ng mainam na hapunan uli gaya ng dati mong ginagawa? Ikaw nga’y matagal nang may pagkanerbiyos, hindi ba? Nagbunsod ’yun noong magkaroon ka ng peptic ulcer sa iyong tiyan. Umuwi ka na, maghanda ka ng giniling na karne’t

kainin mo ito, pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Humayo ka na sa daan mo, na nagbubunyi.

127 "Kung makasasampalataya lamang kayo!" Manampalataya sa Diyos. Kayo ba'y nananampalataya na mismo? Ang buhay, na pinaka makapangyarihang Cristo'y narito ngayon, para pagalingin ang bawat tao na narito.

128 Sandali lamang po. Diyan sa likod na likod ng pila, may nakaupo riyan, may nakaupong kabataang lalaki. Grabe ang pananampalataya na taglay mo kaysa sa inaakala mo, iho. May sakit ka sa puso, hindi ba? Kung tama, tumayo ka. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo, iho. Magaling ka na. Humayo ka na sa daan mo, at magaling ka na.

129 Sumasampalataya ba kayo sa Kanya? Manampalataya sa Diyos.

130 Heto ang isang lalaki na di ko kilala. Estranghero kami sa isa't isa. Sa palagay ko po'y binautismuhan ang lalaking ito kaninang umaga. Pero haya't di kita kakilala, wala akong nalalaman na anuman tungkol sa'yo. Tama ba? Kung ihahayag sa akin ni Jesus Cristo kung ano ang ipinunta mo, iyo bang tatanggapin ito?

131 Ilan sa mga tagapakinig ang tinatanggap na ito ngayon? "Kung kayo'y makasasampalataya!" Manampalataya lamang. Huwag mag-alinlangan.

132 Ang lalaki'y may suliranin sa balat. Siyanga. At nakikinita ko na ika'y may. . .Suliranin sa prostate, din. Siyanga. Kung 'yun nga, iwagayway mo ang kamay mo. At may nakikinita akong itim na bagay na nasa pagitan mo at ng isang babae; na maybahay mo. Nananalangin ka para sa kanya. Isa siyang makasalanan, at nagnanais ka na siya'y maging Cristiano. Yun nga'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ganoon nga. Humayo ka, ipatong mo ang mga kamay mo sa kanya, at ipanalangin mo siya, na ihayag ng Diyos sa Langit ang kahalagahan ng mga bagay na ito na tunay.

133 Sumasampalataya ka ba? Sumasampalataya ka ba na gagawin 'yun ng Diyos? "Kung ikaw ay makasasampalataya!" Hinahamon ko ang pananampalataya mo. Doon sa likod na likod, saan man kayo, tumunghay mismo't mabuhay! Kayo'y magkaroon ng pananampalataya sa Diyos, saan man kayo. "Kung kayo'y makasasampalataya lamang, lahat ng bagay ay ipangyayari." Kung kayo'y makasasampalataya! Masdan, kayo po'y tumingin sa gawi rito, manalangin.

Sasabihin n'yo, "Ano pong inaantabayanan mo, Kapatid na Branham?"

134 Rebekah, bumalik ka sa gawi rito, iha. Humimpil ka lang diyan sa kung nasaan ka. Hayan po ang munti kong anak na babae, na balang araw ay magiging propetisa, rin. Yan ngang

binibini na nakatayo sa tabi mo, iha, na nakasuot ng puting sumbrero, pinahihirapan siya ng suliranin sa sinus. Itaas mo po ang kamay mo, o tumayo ka, binibini. Nananalangin ka na tawagin ka ng Diyos, na ikaw nga'y matawag ko. Tama po ba? Sige't ang munti kong anak na babae'y magpatong sa iyo ng kanyang mga kamay riyan.

Oh Walang Hanggang Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, sinasaway ko ang demonyong 'yan na gumagambala sa babae. At ito'y mapalayas nawa, sa Pangalan ni Cristo. Amen.

135 Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon! Nawa'y ihayag ng Panginoong Jesus ang Kanyang Sarili, mismo. Kayo po ba'y nananampalataya na Siya'y narito? Kung ganoon ay hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, sa bawat isa sa inyo, ngayon mismo, kung magagawa n'yong sumampalataya rito, na gagawin nga ni Jesus Cristo na ang bawat isa sa inyo'y mapagaling na mismo, sa oras na ito ngayon. Kung ang mga salita ko'y totoo *rito*, aba'y totoo rin po *doon*. Kung gagawin n'yo ang sinasabi ko sa inyo na gawin, kayo nga'y mapapagaling mismo ngayon. Sumasampalataya ba kayo? Kung ganoon magpatungan kayo ng mga kamay sa isa't isa. Sige't ipatong n'yo lang ang inyong mga kamay sa isa't isa, kayo man ay nasa loob o nasa labas. Huwag mag-alinlangan! Naririnig ko nga na may espiritu ng kabingihan na tumalilis. Heto na nga Siya, si Cristo na nagbangong mag-uli!

136 Oh Walang Hanggan at Mapagpalang Diyos, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, hinahamon ko ang bawat maruming espiritu, sa Pangalan ni Cristo na Panginoon, na lumayas ito mula sa lugar na ito, lumayas mula sa mga taong ito. At nawa po'y ang dakilang Espiritu Santo'y bautismuhan ngayon ang bawat isa na narito, kalakip ang dakilang pananampalataya na makasampalataya.

137 Oh, Satanas, ikaw na diyablo, masyadong matagal na ang pananakot mo sa amin. Si Cristo'y nagbangon, nakatayo Siya ritong kamit-kamit ang mga susi ng kamatayan at impyerno na nakasukbit sa Kanya. Ang kapangyarihan para magpagaling ay nabayaran na. At inuutusan ka namin, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo, ang buhay na Anak ng Diyos, na lumayas ka mula sa mga taong ito. Lumayas ka mula sa kanila, Satanas, nang sa gayon makauwi ang mga tao't magaling na.

138 Kung sumasampalataya kayo nang buong puso n'yo, na pinagaling na kayo ni Jesus Cristo, tumayo kayo, at tanggapin ang Makalangit na kagalingang Kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Siyanga! Purihin ang Panginoon! Ang papuri'y sa Panginoon! Kayo po, bawat isa, ay magaling na. Tumayo kayo, at ibigay ang papuri sa Diyos! Amen! Purihin ang Pangalan ng Panginoon! Ibigay natin sa Kanya ang papuri, habang itinataas natin ang ating mga kamay at papuri sa Kanya. Purihin ang Anak ng buhay na Diyos! Amen!

*At Nangabuksan Ang Kanilang Mga Mata At Siya'y Nakilala Nila* TAG57-0421E
(And Their Eyes Were Opened And They Knew Him)
Serye Ng Mga Rebaybal Sa Pasko Ng Pagkabuhay

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong gabi ng Linggo ng Pagkabuhay, Abril 21, 1957 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org